Manatiling ligtas sa trabaho

WorkSafeBC
WORKING TO MAKE A DIFFERENCE

Ang British Columbia ay may mga batas upang panatilihin kang ligtas sa trabaho

Sa Canada, may mga batas sa kaligtasan na magproprotekta sa iyo habang ikaw ay nagtratrabaho. Ang mga batas sa kaligtasan na ito ay nag-iiba-iba depende sa industriya kung saan ka nagtratrabaho, sa uri ng trabahong ginagawa mo, at sa equipment na ginagamit mo.

Ang tungkulin ng WorkSafeBC

Ang WorkSafeBC ay isang publikong ahensiya na nagtataguyod sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho para sa mga manggagawa at mga tagapag-empleyo ng British Columbia (B.C.). Ang WorkSafeBC ay nagbibigay rin sa mga napinsalang manggagawa ng kompensasyon, mga medikal na benepisyo, at tumutulong itong makabalik sila sa trabaho nang ligtas pagkatapos ng kanilang pinsala.

Ang WorkSafeBC ay makakatulong sa iyo

Kahit na ikaw ay galing sa ibang bansa upang magtrabaho nang pansamantala sa B.C., sakop ka pa rin ng WorkSafeBC. Ang iyong mga karapatan at mga pananagutan ay pareho sa lahat ng ibang mga manggagawa sa B.C. oras na nagsimula kang magtrabaho dito. Ibig sabihin nito, kung ikaw ay napinsala o nagkasakit habang nagtratrabaho sa B.C., at hindi ka nakapagtrabaho dahil dito, maaari kang makatanggap ng kompensasyon mula sa WorkSafeBC bilang kapalit ng iyong nawalang sahod. Babayaran din ng WorkSafeBC ang iyong medikal na pangangalaga, kasama ang mga test, treatment, mga de-resetang gamot, at operasyon, kung kinakailangan, at tutulungan ka nitong bumalik sa trabaho nang ligtas.

Ang ibig sabihin ng pinsala o sakit na may kinalaman sa trabaho

Karaniwan, ang ibig sabihin ng isang pinsalang may kinalaman sa trabaho ay nasaktan ka habang nagtratrabaho at ang pinsala ay dulot ng bagay na may kinalaman sa iyong trabaho. Ang mga sakit na may kinalaman sa trabaho ay resulta ng nangyari dahil sa uri ng trabahong ginagawa mo.

Ano ang gagawin kung ikaw ay napinsala sa trabaho

Sabihin kaagad sa iyong supervisor o tagapag-empleyo. Kahit na ang pinsala ay hindi malubha at hindi mo kailangang mag-absent sa trabaho, dapat mong sabihin sa iyong tagapag-empleyo. At dapat kang magpatingin sa isang doktor sa pinakamadaling panahon. Kung kailangan mo ng ambulansiya o taxi upang magpunta mula sa iyong lugar ng trabaho papunta sa isang ospital o opisina ng doktor, babayaran ito ng iyong tagapag-empleyo. Siguraduhing sabihin sa doktor na nasaktan mo ang iyong sarili sa trabaho.

Kung nag-absent ka sa trabaho dahil sa iyong pinsala

Kung kailangan mong mag-absent sa trabaho, tawagan ang Teleclaim Contact Centre ng WorkSafeBC sa 1 888 WORKERS (1 888 967-5377). Ang tawag ay libre mula sa anumang lugar sa B.C. Kukunin ng mga tauhan ng WorkSafeBC ang lahat ng iyong impormasyon sa telepono, sasagutin nila ang iyong mga katanungan, at ipapaliwanag nila kung ano ang susunod na mangyayari, at tutulungan ka nilang magsimula ng claim para sa kompensasyon at mga medikal na serbisyo. Kung nahihirapan kang mag-Ingles, maaari mong kausapin ang isang taong nagsasalita ng iyong wika.

Ang iyong medikal na pangangalaga ay masasakop

Kung mayroon kang pinsala na may kinalaman sa trabaho, hindi mo kailangang magbayad para sa mga kinalamang medikal na gastos. At labag sa batas na hilingin sa iyo ng iyong tagapag-empleyo ang magbayad para sa workers' compensation.

Ang iyong mga pananagutan

Bilang isang manggagawa, dapat mong sundin ang mga patakaran sa kaligtasan sa trabaho. Humingi ng tulong kung hindi mo alam kung paano gawin ang isang bagay nang ligtas, at sabihin sa iyong supervisor kung mayroon kang nakitang delikadong bagay sa trabaho.

Mayroon kang mga karapatan

bilang isang manggagawa sa B.C.

Ang karapatan sa isang ligtas na lugar na trabaho

Mayroon kang karapatang magtrabaho sa isang ligtas na lugar at masabihan kung ang trabaho na ginagawa mo ay maaaring delikado. Ang iyong tagapag-empleyo ay dapat may mga kagawian sa ligtas na pagtratrabaho sa lugar, at dapat mo silang sundin. Dapat din siguraduhin ng iyong tagapag-empleyo na mayroon kang training na kinakailangan mo upang maprotektahan mo ang iyong sarili mula sa anumang mga posibleng panganib sa trabaho at maiwasan mo ang malantad sa mga materyales na maaaring magdulot sa iyo ng sakit.

Ang karapatang mag-ulat ng isang pinsala

Mayroon kang karapatang tumawag sa WorkSafeBC upang mag-ulat ng isang pinsala na nangyari sa trabaho. Labag sa batas na sabihin o hilingin sa iyo ng isang tagapag-empleyo na huwag iulat ang iyong pinsala.

Ang karapatang tumanggi sa hindi ligtas na trabaho

Mayroon kang karapatang hindi gawin ang trabaho kung naniniwala ka na maaari kang masaktan o maaksidente. Kung mayroon kang mga inaalala sa trabaho na may kinalaman sa kalusugan o kaligtasan, dapat mo sabihin kaagad sa iyong tagapag-empleyo.

Labag sa batas ang sisantihin o parusahan ka ng isang tagapag-empleyo sa anumang paraan dahil ayaw mong gawin ang isang hindi ligtas na trabaho o dahil nag-ulat ka ng hindi ligtas na trabaho sa iyong supervisor.

Kung may bagay sa trabaho na parang hindi ligtas, sabihin sa iyong supervisor at ipaliwanag kung bakit hindi ka komportable. Sa karamihan ng mga kaso, maaayos ng iyong supervisor ang problema.

Kung ang iyong supervisor ay hindi nagbigay ng kasiya-siyang sagot, talakayin ito sa supervisor ng taong iyon, sa isang tao mula sa iyong safety committee, o sa isang kinatawan ng unyon kung mayroon nito sa iyong trabaho.

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong

Kung hindi inayos ng iyong tagapag-empleyo ang isang problema sa kaligtasan, kontakin ang WorkSafeBC upang pag-usapan ang iyong mga inaalala. Tumawag sa 604 276-3100 kung ikaw ay nagtratrabaho sa Vancouver area o sa 1 888 621-7233 kung ikaw ay nagtratrabaho sa ibang bahagi ng British Columbia. Libre ang tawag. Maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga inaalala ukol sa kaligtasan at hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan kung ayaw mo.

Para sa impormasyon sa iyong sariling wika

Bisitahin ang **WorkSafeBC.com** kung saan ka makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa workers' compensation sa iba't-ibang mga wika.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga serbisyo ng WorkSafeBC, tawagan kami, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 ng umaga - hanggang 4:30 ng hapon sa 1 888 967-5377 o sa 604 231-8888 at kukuha kami ng makakausap mo sa iyong sariling wika.

Makakatulong din sa iyo ang Workers' Advisers Office

Kung ikaw ay napinsala at kailangan mo ng tulong sa iyong claim o nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa workers' compensation, masasagot din ng Workers' Advisers Office ang iyong mga katanungan. Tawagan sila sa 1 800 663-4261 o bisitahin ang kanilang web site sa www.labour.gov.bc.ca/wab. Libre din ang kanilang mga serbisyo.

WORK SAFE BC

WORKING TO MAKE A DIFFERENCE

worksafebc.com

PH95t